The Mindanao Forum, Vol XV1, No. 2 (December 2001)

# Mabisang Pagbasa: Kahalagahan, mga Estratehiya at Pamamaraan ng Pagtuturo

LILIA F. ANTONIO, Ph. D.

Abstrak

*Fokus ng artikulo ang paglalahad ng kahalagahan ng mabisang pagbasa. Tinalakay rin ang mga estratehiya at pamamaraan na magagamit ng mga guro sa pagtuturo ng pagbasa sa kanilang mga estudyante.*

Maraming teorya sa pagbasa. Para sa iba, ang pagbasa ay isang kasanayan na salig sa persepyong biswal at kakayahan ng tao na makilala ang mga salita, hugis ng mga letra, disenyo ng tunog at marami pang iba. Ang ibang teorya naman ay nagpapalagay na ang pagbasa ay hawig sa pagtingin sa isang larawan, kung saan ang pinakamahalaga ay ang buong mensahe at hindi ang mga pira-pirasong bahagi.

Nag-iiba ang bilis ng ating pagbasa depende sa materyal na ating kaharap. Kung suspense, gaya ng **Angels and Demons** at **Da Vinci Code** ni Dan Brown, marahil parang hinahabol ng ipu-ipo ang bawat pahina para malaman na ang kalutasan ng problema. Kung dyaryo naman sa umaga, pinararaanan na rin lang siguro ito ng tingin. Pero, kung ang mga papeles na kaharap sa mesa ay mga disbursement, invoice, at iba pang may mga kasangkot na numero, tiyak na magiging lakad-pagong ang galaw ng mata ng bumabasa.

Si DR. LILIA F. ANTONIO ang kasalukuyang Direktor ng Sentro ng Filipino ng Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman, Quezon City. Full Professor siya ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ng Kolehiyo ng Arte at Literatura. Kasalukuyan siyang pangulo ng Pambansang Samahan sa Wika. Siya rin ang founding president ng Pambansang Samahan ng mga Tagasaling Wika. Nakapagturo rin siya ng Filipino ng ilang taon sa Tokyo University sa Japan.

**Bakit Mahalaga ang Mabisang Pagbasa**

Sa isang pananaliksik na isinagawa sa ibang bansa, itinala ang mga sumusunod na dahilan kung bakit gusto ng mga estudyanteng matutong bumasa nang mabisa:

- Matuto
- Maaliw
- Maunawaan ang mga bagay
- Makakuha ng impormasyon
- Makapagtanong nang mahusay at makabuluhan
- Maragdagan ang tiwala sa sarili
- Maunawaan ang mga magkasalungat na opinyon o pananaw
- Matugunan ang mga pangangailangan
- Malinaw na makapagpasiya
- Magkaroon ng bago/naiibang impormasyon
- Makapaghambing ng mga ideya
- Mapaunlad ang bokabularyo
- Makatipid sa oras

**Paghahanda sa Pagbasa**

Bago magsimulang bumasa, mahalagang magkaroon muna ng pangkalahatang pananaw sa libro. Makakatulong ito upang magkaideya sa babasahin at maisakonteksto ang ilang bagong impormasyon. Ayon sa *JCU Study Skills Online*, ito ay maisasagawa sa mga sumusunod na paraan:

**Kilalanin ang libro** sa pamamagitan ng pagtingin sa:

- Mga impormasyon sa front cover
- Mga graphics o larawan
- Blurb sa likurang pahina
- Bilang ng pahina
- Haba ng mga kabanata
- Estilo ng paglalahad

**Kumuha ng ilang panimulang impormasyon** (background) sa pamamagitan ng pagbasa sa:

- Petsa ng publikasyon
- Paunang salita
- Introduksyon o paunang salita
- Anumang impormasyon tungkol sa awtor

**Tukuyin ang mga pangunahing ideyang** tinatalakay sa:

- Talaan ng nilalaman
- Indeks
- Titulo ng mga kabanata

**Ang Metodong SQ3R ng Pagbasa para sa Pag-aaral mula sa JCU Study Skills Online** ay may kahulugang sumusunod:

**S - surveying** at **skimming**

**Q - question.** Mga panandang sasagot sa mga tanong na: Sino? Ano? Kailan?
Bakit? Paano? na mga batayang konsepto ng pagbasa. Mahalagang gabay ang mga tanong para maging aktibo at kritikal na mambabasa. Kabilang sa mga tanong ang: Bakit ko ito binabasa? Ano ang pangunahing ideya/puntong hinahanap ko?

**R1 - reading.** Pagbasa. May kabagalan upang lubusang maunawaan ang nilalaman.

**R2 - recall.** Sariwain sa diwa. Sa sariling pananalita, ilahad ang mga mahahalagang puntong tinalakay sa libro. Makakatulong sa bahaging ito ang mga sumusunod:

1. pagsulat o pagbasa nang malakas
2. paggamit ng diksyunaryo
3. paghahambing sa teksto
4. pagtalakay sa iba pang kaklase, tutor, mga lektyurer, atbp.

**R3 – review.** Pagbabalik-aral. Muling balikan ang mga tanong, mga sagot, mga natipong tala at tingnan kung gaano kahusay ang naging paggunita sa mga ito. Linawin sa isipan ang lohikal na pagkakasunod-sunod ng mga ideya, konsepto o suliranin.

### Mga Uri ng Pagbasa

Magiging mabisa ang pagbasa kung magiging mapamili sa binabasa, gagamit ng angkop na pamamaraan at tiyak na malinaw ang mga dahilan sa pagbasa sa isang partikular na teksto.

Ang sumusunod ang mga uri ng pagbasa:

**Scanning.** Mabilis na paghanap sa ilang mahalagang punto gaya ng susing salita, petsa, bilang ng pahina o pamagat.

**Skimming.** Hawig sa scanning dahil mabilis din ang paraan ng pagbabasa, subalit isinasagawa ito upang makabuo ng pangkalahatang impresyon kaugnay sa libro.

**Reading for study.** Pagbasa para sa pag-aaral. Mas mabagal, malalim at paulit-ulit na pagbasa para sa pag-unawa.

**Light reading.** Paraan ng maraming tao kung nagbabasa ng nobela, komiks, magasin, pahayagan at iba na hindi nangangailangan nang malalim na pagsusuri. Karaniwang mabilis at paimbabaw lamang.

**Word by word reading.** Salita sa salitang pagbasa. Karaniwang ginagamit sa mga dayuhang wika, teknikal o siyentipikong terminolohiya, pormulang matematikal na hindi karaniwan.

## 3-Yugtong Istratehiya sa Pagbasa

Sa artikulong "What Secondary Teachers Can Do To Teach Reading" ni Vicki A. Jacobs sa *Reasearch Online* ng *Harvard Education Letter*, ipinapayo sa mga guro na tingnan ang pagbasa bilang isang proseso ng kumprehensyon o pag-unawa na may kaugnay na tatlong yugto. Kabilang dito ang *pre-reading, guided reading* at *post-reading*. Ang mga yugtong ito ay batay sa modelo ng pagkatuto na tinaguriang "schema theory." Ipinapalagay na ang mga yugtong ito ay makatutulong nang malaki sa mga estudyante sa higit na malalim na pagsusuri sa teksto.

**Pre- Reading.** Isa sa mga layunin ng panimulang paghahanda sa pagbasa ay upang maisaalang-alang ang iba't ibang konteksto, karanasan, biases, at mga dating naimpok na kaalaman ng mga estudyante ng makakaapekto sa kanilang pagbasa at pagkatuto mula sa bagong teksto.

Bago basahin ang teksto, maaaring magsimula ang guro sa malayang talakayan. Kasama sa mga tanong na mahalagang masagot ng mga estudyante ay "Ano na ang mga bagay na alam at/o dapat ko pang malaman bago magsimulang magbasa?" at "Ano sa palagay ko ang tatalakayin sa bahaging ito kaugnay ng mga titulo, graphs at mga larawang kasama sa mga pahina ng aklat?"

**Guided Reading.** Sa yugtong ito ng may patnubay na pagbasa, mahalagang magabayan ang mga estudyante sa paglalagom sa mga impormasyong nasa akda. Kailangang maging higit na malalim na ang kanilang pagsusuri sa teksto at makabuo ng iba't ibang pananaw kaugnay sa binasa. Sa halip na ipasagot ang tanong na "Ano?", mas mainam ang "Paano?" o "Bakit?" upang malinang ang kanilang kakayahang bumuo ng tanong, manaliksik o mangalap ng mga posibleng sagot, magsuri ng mga datos at gumawa ng mga pagbubuo o paglalahat.

**Post-Reading.** Sa ikatlong yugto ng proseso sa pagbasa, binibigyan ng guro ang mga estudyante ng pagkakataong maipahayag ang kanilang pagkaunawa sa binasa at mataya at/o patibayan ang katotohanan, kahinaan o kamalian ng kanilang mga ideya.

Malaking pakinabang ang makakamit sa pagsasagawa ng 3-yugtong ito ng pagbasa. Ang mga estudyante ay hindi lamang magagabayan sa pag-unawa sa paksa kundi mabibigyan pa ng pagkakataong mapayaman ang bokabularyo. Sa gayon, lumalaki rin ang tiwala ng guro na ang kanyang mga estudyante ay tunay na natututo sa kanyang mga aralin.

## Paggamit ng Panulaan sa Pagtuturo ng Pagbasa

Matutunghayan sa artikulong "Using Poetry to Teach Reading" ng *Teacher's Mentor* ang mga mungkahing pamamaraan sa paghahanda ng mga tulang gagamitin sa klase, ang proseso sa pagtuturo ng pagtula, ang mga gabay sa pagpili ng makabuluhan at kawili-wiling tula, at paano magagamit ang mga tula sa pagsasanay sa pagbasa nang malakas.

## Pamamaraan sa Pagtuturo ng Tula

1. Simulan ang pagtuturo ng isang bagong tula sa pagbasa nito sa klase.
2. Ipamahagi ang mga tula at ipaulit ang pagbasa sa mga estudyante.
3. Sabay-sabay na basahin ang tula.
4. Kapag may mga bagong bokabularyo sa tula, talakayin ito sa unang araw ng pagbasa.
5. Bigyan ng pagkakataon ang mga estudyante na bumasa ng mga indibidwal na bahagi sa sabayang pagbasa.

## Paano Pumili ng Tula?

1. Magsimula sa mga nakakatawa/nakakaaliw na tulang may tugma.
2. Pumili ng mga tulang maiuugnay sa iba pang mga aralin.
3. Humanap ng mga tulang may mga bahaging usapan na magagamit sa anyong pandulaan.
4. Pumili ng mga tulang may mga tiyak na bahagi na maaaring maipangkat sa mga estudyante.
5. Palaging humanap ng maganda, angkop at makabuluhang tula.

## Mga Istratehiya sa Mabisang Pagbasa

1. ABC Brainstorm

2. Carousel Brainstorming
3. Clock Buddies
4. Column Notes
5. Comparison-Contrast Charts
6. Concept of Definition Map
7. Graphic Organizers
8. History Frames/Story Maps
9. Inquiry Chart
10. K-W-L
11. Opinion-Proof
12. Power Thinking
13. Problem-Solution Chart
14. Question-Answer Relationship
15. Questioning the Author
16. RAFT Papers
17. Reciprocal Teaching
18. Selective Underlining/Highlighting
19. Semantic Feature Analysis
20. Story Maps
21. Summarizing
22. Thesis-Proof
23. Think-Pair-Share
24. Three-Minute Pause
25. 3-2-1
26. Venn Diagrams
27. Word Map

## Mga Sanggunian

**Brain Connection.** May 2001. "Teaching Reading, Teaching Anything." Nasa *http://www.brainconnection.com/content/1-1.*

________________. "Teaching Anything: Instruction Based on Research on How the Brain Learns." Nasa *http://www.brainconnection.com/content/1-2.*

**Harvard Education Letter** (Research Online). "What Secondary Teachers Can Do To Teach Reading". *http://www.edletter.org/past/issues/1999-ja/secondary.shtml.*

**JCU Study Skills Online.** "EffectiveReading." *www.jcu.edu.au/studying/services/study skills/effreading/why read.html*

**Montalvan, Ruth.** "Dictation Updated: Guidelines for Teacher-Training Workshops." Nasa http://exchanges.state.gov/education/engteaching/dictatn.htm

**Reading Quest.org.** "Strategies for Reading Comprehension." http://www.curry.edschoolvirginia.edu/gov/readquest/strat